



PAMAHALAANG BAYAN NG TAYTAY

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

**BAHAGI NG KATITIKAN NG PANGKARANIWANG PULONG NG
SANGGUNIANG BAYAN TAYTAY, RIZAL, NA IDINAOS NUONG
IKA-17 NG ENERO. 2005 SA SILID PULUNGAN NG
PAMAHALAANG BAYAN NG TAYTAY LALAWIGAN NG
RIZAL**

DUMALO:

Kgg. Fernando R. Cabitac, Jr. - Tagapamatnugot/Pang.
Punong Bayan
Kgg. Joselito T. Calderon - Konsehal
Kgg. Janet DL. Mercado - "
Kgg. Ceferino R. Resurreccion, Jr. - "
Kgg. Trece S. Cayton - "
Kgg. Antonio A. Alabata - "
Kgg. Andres C. Cruz, Jr. - Pangulo ng Liga ng
Mga Barangay
Kgg. Dianne Eliza G. Esguerra - Pangulo ng liga ng
Sangguniang Kabataan

DI-DUMALO:

Kgg. Sharon B. de Leon - Konsehal
Kgg. Reggie Lynn G. Mascardo - Konsehal (Maternity Leave)
Kgg. Arturo R. Valle - Konsehal

MAY AKDA: Konsehal Ceferino R. Resurreccion, Jr.

KAUTUSAN BILANG 1

**ISANG KAUTUSAN NAGPAPALAWIG NG PALUGIT PARA SA
HULING PAGKAKATAON SA PANAHOON NG AMNESTIYA NA
NAKASAAD SA KAUTUSAN BLG. 15, SERYE 2004 MULA
DISYEMBRE 29, 2004 HANGGANG PEBRERO 28, 2005**

SAPAGKAT, ang Sangguniang Bayan ay nagpasa ng Kautusan Blg. 15 noong Nobyembre 22, 2004, na may titulo na "KAUTUSAN NAGBIBIGAY AMNESTIYA SA PARUSA (PENALTY/SURCHARGES) SA LAHAT NG MAY MGA PAGKAKAUTANG NA MGA LEGAL NA NAMUMUSISYON SA BAGONG PAMILIHANG BAYAN NG TAYTAY, RIZAL HANGGANG IKA-29 NG DISYEMBRE, 2004."

PAGKAT, ang nasabing Kautusan ay hindi pa ganap na naipatupad dahil sa kakulangan ng panahon.

SAPAGKAT, marami pang mga tintera ang naghahangad na kahalili sa amnestiya, ang mga ito hindi naranasan sa talatang panahon, dahil sa iba't ibang kadahilanan.

DAHIL DITO,

NAPAGPASYAHAN, TULAD NG PAGKAKAATAS, ANG MGA SUMUSUNOD:

SEKSYON I

Nagpapalawig ng palugit sa panahon ng amnestiya na nakasaad sa Kautusan Blg. 15, serye 2004, mula Disyembre 29, 2004 hanggang Pebrero 28, 2005.

SEKSYON II

Ang lahat ng nilalaman ng Kautusan Bilang 15, serye 2004 ay mananatiling may bisa at ipatutupad maliban sa pagpapalawig sa panahon ng amnestiya mula Disyembre 29, 2004 hanggang Pebrero 28, 2005 ;

SEKSYON III

Ang kautusang ito ay magkakabisa pagkatapos mapagtibay ng Sangguniang Bayan at maipalaganap sa mga kinaukulan.


PINAGTIBAY ngayon ika 17 ng Enero, 2005. Dito sa Silid Pulungan ng Pamahalaang Bayan ng Taytay, Rizal.

PINATUTUNAYAN KO, ang kautusan ng nilalaman ng Kapasiyahang ito, na pinagtibay parin ng buong pagkakaisa ng Sangguniang Bayan ng Taytay sa naganap na pangkaraniwang pulong nang ika-17 ng Enero taong 2005 sa bulwagang kapulungan ng gusaling Pambayan ng Taytay.


NOLI G. DEL ROSARIO

Kalihim ng Sangguniang Bayan

PINATOTOHANAN BILANG PINAGTIBAY NG BUONG PAGKAKAISA:


KGG. FERNANDO R. CABITAC, JR.
Nanuniparang Pangalawang Punong Bayan
Tagapamatnugot

PINAGTIBAY:


KGG. GEORGE RICARDO R. GACULA II
Punong Bayan